



900. Christian Marriage ©

Conrad Jun Tolosa

Revised November 21, 2021

CM902. Ang Sources ng Marital Problems

Ang main source ng marital problems ay mga perceived unmet needs ng either party. Kaya mahalaga na unawaing mabuti ang buhay ng mag-asawa. Bakit nga ba nangyayari na mayroong perceived unmet needs ang dating mag-sweetheart.

Upang maunawaan ang pinanggagalingan ng perceived unmet needs, kailangan na i-consider ang laman ng puso ng fallen man; ang puso ang pinaka-centro ng ating pagkatao pagdating sa ating mga naisin. Ang desires ng fallen heart ang naging epekto ng kasalanan at mga hatol ng Diyos sa taong nagkasala. Ang epektong ito ay pangkalahatan o universal.

Pare-pareho ang natural desires ng lahat ng tao, iba-iba nga lang ang lakas ng tibok ng mga ito at a given moment in time. Ang mga sumusunod na mga desires ay ang mga *driving forces or strong tendencies* ng tao:

Una, ang desire na hangaan o kainggitan siya ng tao imbis na siya ay sumamba sa Diyos. Samantala, ang tawag sa kanyang buhay na maglingkod ay na paibabawan na siya ang paglingkuran instead na siya ang maglingkod sa Diyos. Ang resulta ay tatlo pang natural desires. Ang ikalawang desire ay ang ma-satisfy ang pita ng kanyang laman imbis na pag-isipan ang pagpapamilya, Ikatlo, ang makamtan ang gustong mga material things imbis na mag-produce para sa paglalaan ng kanyang mga pangangailangan. Ika-apat, ang manakop ng ibang tao imbis na sama-samang pamahalaan ang mga nilalang ng Diyos ayon sa Kanyang kalooban.

Ang apat na desires na ito ang nag-aasam-asam na makamtan at naghihintay ng satisfaction. Kapag hindi natin nakakamtan ang mga desires na ito sa sandali na ang mga ito ay umiiral, doon tayo nakalalasap ng dissatisfaction kaya ang resulta ay ang hindi pagiging masaya, kaya problema. Sa ganitong kalagayan, whether conscious tayo sa nangyayari sa loob ng ating damdamin o hindi, meron tayong unmet needs na nagiging sanhi ng marital problems. At idagdag pa sa apat na desires na ito ang ating survival instinct na nagdudulot ng insecurity kapag tayo ay nate-threatened.

Ang tanong ay ito: Ano ang kinalalaman ng unmet needs sa relasyon ng mag-asawa? Upang masagot ang tanong na ito, kinakailangan na bumalik tayo sa panahon ng ligawan; sa panahon na nanunuyo ang lalaki para makamtan niya ang consent ng babae. Hindi man sila conscious, may correlation ang period of courtship na ito sa mga natural desires and instincts nila pareho na makaaapekto sa kanilang kinabukasan.

Simulan natin sa *unang desire - Admiration*. Dahil sa nanliligaw pa ang lalaki, ang desire na ito ng babae ay nami-meet regularly during that period. Kapag sumagot ng *Oo* ang babae, satisfied din naman ang lalaki. Ang kinakagawiang admiration na ito ay nagiging expectation. Kapag naglaho ang admiration na ito doon magkakaroon ng unmet need or unfulfilled expectation. Kulang na ang paghangang natatanggap nila pareho. Sa sandaling iyon nagkaka-problema.

Ikalawang desire - Sex. Siyempre, sa simula asikasong-asikaso ni lalaki ang babae, at kapag nagpakasal na, si babae naman ang asikasong-asikaso si mister dahil sa natatanggap niyang admiration. Todo bigay-pansin sa isa't isa. Masagana ang sex life nila. Expectation fulfilled. Sa simula, sobrang init ng pagmamahalan, subalit habang tumatagal ang kanilang pagsasama, unti-unting nagiging pamilyar na ang presensia nila sa isa't isa. Dito nagsisimula ang panlalamig. Sa katagalan, magsasawa na ang mag-asawa sa pagbibigay pansin at paglilingkod sa kanilang kabiyak. Habang tumatagal, palamig na nang palamig hanggang mawala nang tuluyan ang dating init na kanilang nararamdaman. Dito nagkakaroon ng dissatisfaction ang isa, at later on, pareho na sila. Unmet need na naman.

Ikatlong desire. Productivity. Love is blind, ika nga. Subalit ito ay sa simula lamang dahil may tendency ang taong *in-love* na huwag bigyan ng sapat na pansin ang mga negatibo sa pagkatao ng kanyang minamahal. Pagkatapos ng honeymoon, dito na umiibabaw ang hindi na mapagkailang kapintasan sa ugali ng kasama sa bahay. Sa panahong ito, mabilis nababawasan ang admiration ng mag-asawa sa isa't isa. Kitang-kita na nila ang shortcomings at inadequacies ng ka-partner, lalong-lalo na kapag nagkukulang si Mister sa provision na expected ni Misis dahil noon una, regalo left and right si Mister. Pinupuna ng babae na hindi sapat ang ginagawang pagsusumikap ng asawa.

Ika-apat na desire - Control. Natural na tendency rin ng tao ang naising masunod. Sinabi ng Diyos na ang lalaki ang leader ng pamilya subalit sinabi rin Niya sa babae, bilang bahagi ng kanyang judgment, na nanaisin niyang sakupin ang asawa. Kaya ang kinahahantungan ay agawan ng control, tulad sa simpleng bagay na sino ang may hawak ng remote control ng TV. Sino ang dapat sundin ng anak, si Tatay o si Nanay? So Tatay ba ay sobrang understanding kaya si Nanay ang nagpapatakbo ng pamilya? Subalit, sooner or later, ano man ang normal sa tahanan pagdating sa kung sino ang leader, magkakaroon ng rebelyon. Problema kapag ang need to control ay hindi nasa-satisfy.

Finally, kapag nai-insecure either ang lalaki o babae for whatever reason, perceived unmet need ito. At kadalasan ay nasa sub-conscious ito nag-e-exist. Kalamado sa labas subalit kakaba-kaba ang puso.

I. Multiple choice

1. Ang main source ng marital problems ay
 - a. Kakulangan sa pera
 - b. Kakulangan sa pagmamahal
 - c. Pagkakaroon ng unmet needs

2. Ano ang pinanggalingan ng unmet needs ng tao?
 - a. Naging kulang siya sa pansin
 - b. Naging mapaghanap si mister o si misis
 - c. Desires ng fallen heart na naapektuhan ng kasalanan

3. Ang mga pagnanais ng fallen heart na naapektuhan ng kasalanan at paghatol ng Diyos ay pang-particular lamang sa mga anak ng Diyos.
 - a. True
 - b. False

4. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
 - a. Ang driving forces or strong tendencies ng tao ay nagmumula sa Diyos.
 - b. Ang strong tendencies ng tao ay lalabas sa kanyang pagkilos.
 - c. Ang driving forces or strong tendencies ng tao ay nagmumula sa strongest desire ng kanyang kanyang puso.

5. Alin sa mga pangungusap ang tama?
 - a. Pare-pareho ang natural desires ng lahat ng tao, pati ang lakas ng tibok ng mga ito at any given moment.
 - b. Ang desire ng tao na maglingkod sa Diyos ay napalitan ng desire na siya ang paglingkuran.
 - c. Ang ating survival instinct ay hindi nagdudulot ng insecurity kapag tayo ay nate-threaten.

6. Ang resulta ng desire ng tao na siya ay paglingkuran sa halip na maglingkod sa Diyos ay
 - a. nasa-satisfy niya ang mga pangangailangan ng kanyang pamilya
 - b. nakakaya niyang makiisa sa pamamhala ng mga nilalang ng Diyos
 - c. ang pagkakaroon ng pagnanasa na makamtan ang maraming material na bagay.

7. Kailan nagkakaroon ng dissatisfaction sa kanilang relationship ang mag-asawa?
 - a. Kapag hindi na sila masaya sa kanilang pagsasama
 - b. Kapag dumarating na ang maraming problema sa buhay
 - c. Kapag hindi natutugunan ang pangangailangan ng bawat isa bilang mag-asawa

8. Ano ang kinalaman ng unmet needs sa relasyon ng mag-asawa?
 - a. Umiikot ang kanilang relasyon o pagsasama sa mga bagay na di natutugunan
 - b. Ang mga unmet needs ay nagiging sanhi ng pagkakaroon ng problema sa kanilang relasyon
 - c. Ito ang magiging dahilan upang si misis o si mister ay sumakabilang bahay.

9. Kapag naglaho ang admiration ng mag-asawa sa isa't isa, ito ay walang kinalaman sa mga expectation na hindi natutugunan.
 - a. True
 - b. False

10. Hindi nagiging sanhi ng problema kung nagkukulang na ang paghangang natatanggap ng mag-asawa sa isa't isa.
 - a. True
 - b. False

11. Kapag ang ating posisyon bilang asawa ay nate-threaten, ito ay nakakadagdag sa insecurities natin sa sarili.
 - a. True
 - b. False

12. Ang period of courtship ay may kinalaman sa future na pagsasama ng magsing-irog.
 - a. True
 - b. False

13. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
- Ang mga negatibong ugali ng bagong mag-asawa ay kadalasang hindi nabibigyan pansin sapagkat sila ay “in love.”
 - Habang tumatagal ang pagsasama, hindi na pinapansin ng bawat isa ang kanilang shortcomings sapagkat nobody is perfect.
 - Ang shortcomings ni mister ay nagiging kapansin-pansin lalo na kung nagkukulang siya ng provision sa pamilya.
14. Ang babae ay may karapatang magreklamo kung hindi natutugunan ang lahat ng pangangailangan ng pamilya.
- True
 - False
15. Alin sa mga pangungusap ang tama?
- Sinabi ng Diyos na dahil sa kasalanan, ang lalaki pa rin ang may control sa kanyang pamilya.
 - Sinabi ng Diyos na bahagi ng judgment sa babae ay ang pagnanais niyang ma-control ang kanyang asawa.
 - Sinabi ng Diyos na ang leader ng pamilya ay ang lalaki at babae.
16. Ayon sa disenyo ng Diyos, ang lalaki lamang ang dapat na maging provider sa pamilya.
- True
 - False
17. Ang unmet needs ng mag-asawa ay mapagmamasdan sa kanilang
- Social life
 - Political life
 - Economic life
 - All of the above
18. Sa panahon ng panliligaw, natutugunan ang mga sumusunod:
- Admiration
 - Sex
 - All of the above
19. Sa simula ng pagsasama ng mag-asawa, ang sex life ay fulfilled subalit nagkakaroon ng unmet need kapag
- Nagiging pamilyar na sa presensya ng isa't isa kaya nagsisimula ang panlalamig
 - Nagsasawa na sa paglilingkod sa isa't-isa
 - Nagkakaroon ng dissatisfaction sa isa't isa
 - All of the above
20. Ang desire to control ay natural sa makasalanang tao. Ang mga sumusunod ay tama, maliban sa
- Sinabi ng Diyos na ang lalaki ang leader ng pamilya
 - Ang babae ay maaring maging leader paminsan-minsan
 - Sinabi ng Diyos sa babae na nanaisin niyang sakupin ang kanyang asawa

II. Short Essay (250 words or more)

Gumawa ng 3-minute testimony gamit ang pattern na iyong natutuhan.

Note:

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*



© Revised: November 21, 2021 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.